

Tula tungkol sa Pag-ibig:

## *“Ang Paghihintay”*

### **I.**

Siyang mag-aalay ng tunay na pag-ibig ay nasa aking isipan,  
siyang may pusong puno ng pagmamahal at kabutihan.  
Aking hiling nawa’y tadhana na ang magtakda,  
landas nami’y magtagpo at kami’y magkita.

### **II.**

Panginoon nawa’y tamang pag-ibig ang sa aki’y makatagpo,  
nais kong pagmamahal niya’y maramdaman at matamo.  
Ang mahawakan ang kanyang kamay ng kay higpit,  
at masamyo ang hininga niyang kay init.

### **III.**

Sa maykapal ito ang aking dalangin,  
tila isang bulaklak na sabik sa bubuyog na papansin.  
Ako ay uhaw sa tunay na pag-ibig,  
tila isang tigang na bulaklak, kailangan ay tubig.

### **IV.**

Nasaan na siya yan ang tanong kong lubos,  
siyang kasama kong manunumpa sa altar ng Diyos.  
Bakit ba tila kay tagal ng aking paghihintay?  
darating pa ba siya sa aking buhay?

### **V.**

Nang tila marinig ko ang isang tinig,  
“anak huwag mainip at sa aki’y makinig”  
Bahagi lamang ng pananabik ang iyong paghihintay,  
ika’y maging handa sa kaligayahang aking iaalay.

